



## PAMPUBLIKONG PAHAYAG

**One in Hope: Gen Verde in Concert ngayong Ika-27 ng Setyembre, 2020 sa ganap na alas-3 ng hapon EDT (New York) live sa Youtube (<https://youtube.be/WyMHyK-L-TU>). Isang kaganapan na itinaguyod at inorganisa kasama ang Pamilyang Vincentiano na hango sa inspirasyon ng buhay at gawain ni San Vicente de Paul. Ang unang hakbang ng isang malaking proyekto.**

Sa araw na ipinagdiriwang ng Simbahang Katoliko ang Kapistahan ni San Vicente de Paul ay nagugunita ang Pamilyang Vincentiano, ang 170 na mga sangay nito na matatagpuan sa 158 na mga bansa at higit sa apat na milyong miyembro sa limang kontinente, kasama ang musikal na grupong, Gen Verde. Ang grupo ay magkakaroon ng isang *concert*, alas-3 ng hapon EDT (New York) na ila-live stream sa Youtube gamit ang link na ito:

<https://youtube.be/WyMHyK-L-TU>

“Iba talaga ang aming orihinal na plano,” paliwanag ni Sally McAllister, tagapamahala ng Gen Verde. “Sa katunayan, dapat ay nasa U.S.A. kami sa mga araw na ito para sa isang paglilibot kung saan magkakaroon kami ng maraming *concert* sa tulong ng aming mga kaibigang Vincentiano at sa kilusan ng Focolare. Natigil ang lahat dahil sa pandemya, kaya nagpasya kaming solusyunan ang balakid na ito sa paraang magtanghal ng isang *virtual concert* sa katapusan ng lingo bilang pagsisimula sana nang aming paglilibot, nang sa gayon ay makakasama ang maraming tao hindi lamang sa Hilagang Amerika, kundi pati na rin sa buong mundo.”

Kasama ang isang koponan mula sa opisina ng Pamilyang Vincentiano ng Estados Unidos, ang Gen Verde ay lumikha ng isang espesyal na kaganapan na nagmarka bilang bagong simula. Ang Focolare Movement at ang Pamilyang Vincentiano ay nagtutulungan sa isang proyektong layuning itaguyod ang lakas ng pagkakaisa na nagmula sa kanilang karisma ng paglilingkod sa buong sangkatauhan.

Ang *concert* ay pinamagatang “One in Hope” na hindi lamang tumutukoy sa mga awitin, kundi pati na rin ang testimonya na may temang pagkakaisa at unibersal na kapatiran. Ang ideya para sa kaganapan sa Setyembre 27 sa alas-3 ng hapon EDT (New York) ay nagmula sa nakanselang live na *concert* at isang okasyon para sa Gen Verde na magsulat ng isang awitin bilang parangal sa nagtatag ng Pamilyang Vincentiano. “Masyado kaming naantig sa kwento ni San Vicente de Paul” paliwanag ng kompositor na si Nancy Uelmen, “Lalo na, sa kung paano niya tinignan sa kabila ng hitsura nito, upang tuklasin ang mukha ng Diyos sa mga mahihirap. Ang pagtuklas na ito ay isang panawagan para makasalamuha niya si Hesus sa mga mahihirap. Sa liriko ng awitin ay nakasulat ito na para bang si San Vicente de Paul mismo ang nagsasalita. Makikita natin ang parehong pagtingin ng isang mabuting Samaritano (na ipinahayag sa

Ebanghelyo) kapag nakita niya ang isang taong nangangailangan, hindi niya ito dadaanan na para bang wala siyang pakialam, sa halip, siya ay hihinto at tutulungan sila.

Ang *Vincent's Song (You Did It To Me)* ay isang awitin na may isang malakas na elektronikong tunog at nakakatawag pansin na ritmo. Ang estilo ng musika ay isang tiyak na desisyon ng Gen Verde hindi lang para makahalubilo ang kabataan, kundi maipahayag ang diwa na palaging hangarin ni San Vicente de Paul na humayo at tumulong sa mga nangangailangan.

Para sa mga nais making sa awiting, "Vincent's Song (You Did It To Me)," I-klik ang link sa ibaba: <https://imusiciandigital.lnk.to/YF7bADntEM>

*Press Office  
Gen Verde  
+39 3420842533  
press@genverde.it*

*Press Office  
Vincentian Family  
+39 338 190 24 36  
elena@elenagrazini.it*